

## Sino ang mga miyembro ng komunidad na may Pangangailangan sa Access at Paggana?

Tinutukoy ng Tanggapan ng Pamamahala sa Emergency ng Nevada (Nevada Office of Emergency Management) ang mga prayoridad na populasyon nito sa isang kalamidad bilang mga taong may mga espesyal na pangangailangan at pangangailangan sa access at paggana (AFN). Ito ang mga indibidwal na maaaring may mga dagdag na pangangailangan na dapat isaalang-alang sa pagpapalano, pagtugon sa, at pagbawi mula sa isang emergency o kalamidad. Ang CMIST framework ay tumutulong sa pagpapatupad ng limang pangunahing gumaganang lugar para sa mga mahihinang populasyon.

### kabilang ngunit hindi limitado sa:

- Limitadong Pagkilos
- Bulag o May Mababang Pangingin
- Bingi, Bingi-Bulag, Hirap sa Pandinig
- Mga Espesyal na Pangangailangan sa Intelektwal
- Mga Matatanda at Bata
- Limitado o Hindi Nagsasalita ng Ingles
- May Limitadong Pagkukunan
- Mga Kliyente na Napinsala ang Transportasyon sa Sistema ng Hustisya-Kriminal
- Nakakaranas ng Kawalan ng Tahanan o Transisyonal na Pabahay
- Dumaranas ng Karahasan sa Tahanan
- Mga Komunidad ng Refugee at Imigrante
- Mga Walang Dokumentong Tao
- Mga Indibidwal na may Sikolohikal na Kapansanan
- Mga Indibidwal na Nangangailangan ng Pangangasiwa
- Mga Pangangailangang Medikal
- Mga Taong Umaasa sa Droga o Alak



Para sa karagdagang impormasyon pumunta sa [oem.nv.gov](http://oem.nv.gov) at i-click ang Plan Ahead Nevada



## MAS MALAKAS TAYO KUNG MAGKASAMA: PAGBUO NG ISANG PANGKAT NG SUPORTA

Magtatag ng pangkat ng mga tao sa paligid mo na makakatulong sa mga emergency. Hanapin ang mga taong pinakamadalas mong makita, tulad ng mga kapitbahay, kaibigan, pamilya at katrabaho-sila ang tunay na unang tutugon sa karamihang kaso ng emergency. Sa karamihan ng mga sakuna, 70% ng mga unang tumutugon ay ang mga indibidwal na pinakamadalas mong nakakasalamuha.

Palawakin ang mga grupo ng suporta mo kung saan ginugugol mo ang halos lahat ng araw mo-sa trabaho, tahanan, paaralan, o pagboboluntaryo. Mahalaga ito, lalo na kapag hindi mo inaasahan kung sino ang makakasama sa anumang oras.

Mag-recruit at magsanay ng mga indibidwal sa paligid mo na maaasahan at may emosyonal at pisikal na kapasidad na tumulong sa iyo.



## ANG ISANG KOMUNIDAD AY MAS LIGTAS KAYSA SA ISANG INDIBIDWAL

Ang pagdepende sa isang tao lamang ay delikado. Kung dedepende ka lamang sa iyong mga kapamilya o mga serbisyo ng personal na tulong, tulad ng mga tagapag-alaga, maaaring wala sila kapag kailangan mo sila, at ang mga mahal sa buhay ay malamang na makaranas ng pagkapagod. Iyon ang dahilan kung bakit napakahalaga na magkaroon ng pangkat ng suporta na may maraming indibidwal.

**Humingi ng tulong kapag kailangan mo ito, tumulong kung kaya mo.**



Mga Mapagkukunan  
para sa  
Pangangailangan sa  
Access at Paggana



# Mag-iiba ang checklist ng sakuna batay sa mga pangangailangan ng bawat indibidwal o sambahayan. Nasa ibaba ang ilang halimbawa.



**Bilugan ang  
mayroon ka!**

# Ang ilang indibidwal na item na maaaring kailanganin mo depende sa sitwasyon mo ay kinabibilangan ng



Mga Reseta




Matibay na  
Kagamitang Medikal



Ice Chest



Reserbang Suplay ng  
Oxygen



Checklist ng Suplay sa  
Emergency



Mapupunang Checklist para  
sa Alagang Hayop



Pito



Mga Reserbang  
Baterya



Listahan ng mga  
gamot, device,  
tagubilin, allergy, atbp.



Mga Insurance Card

:I-scan ang mga QR code na ito  
para sa higit pang impormasyon

Para i-scan ang mga QR code, i-access ang camera app sa iyong phone, at hawakan ang camera malapit sa code sa itaas. Lilitaw ang isang link. Kung hindi, hanapin ang "QR Code Scanner" sa iyong app store. Mahahanap mo ang mga dokumentong ito at higit pa sa [oem.nv.gov](http://oem.nv.gov) sa ilalim ng Plan Ahead Nevada.

## Pandinig at Pangingin



Karagdagang salamin o  
contact lens



Panulat at papel



Weather radio (may text  
display at komunikap na  
alerto)



Mga Braille Label o Label  
Maker



Karagdagang baterya ng  
hearing aid



Mga laminated na card na  
may parirala

## Paggalaw



Tungkod o Walker



Wheelchair



Portable air pump



Baterya ng Wheelchair

## Sensory at Intelektwal



Sensory o Noise  
Cancelling na  
Device



Mga Tactile  
Fidget Toy



Device na may  
mga Aktibidad



Mga Comfort Snack



Maliit na Pop-Up Tent  
(para bawasan ang visual  
na stimulation o magbigay  
ng instant na privacy)